
Varyasyon ng Wikang Subanen sa Sindangan at Katipunan, Zamboanga Del Norte: Isang Pagsusuri sa Leksikal na Aspeto

Glenda Abejero Tampon, MA-FIL
Associate Professor I

CLAMS Alumni Chairpeson, Jose Rizal Memorial State University-Dipolog Campus
glendatampon@jrmsu.edu.ph

Abstract — Ang layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang leksikal na varyasyon ng Wikang Subanen sa Sindangan at Katipunan, Zamboanga del Norte, upang matukoy ang mga pagkakaiba at pagkakatulad sa pagitan ng mga diyalekto. Ang mga natuklasan ay magsisilbing batayan sa pagbuo ng mga programa para sa edukasyon at preserbasyon ng wika, at mag-aambag sa mas malawak na pag-unawa sa linggwistikang pag-aaral.

Ginamit ang disenyonang deskriptib-analitik na kinapapalooban ng pangangalap ng mga datos sa pamamagitan ng pagtatanong, pakikipanayam at pagrerecord. Isinagawa rin ang Focus Group Discussion na ang mga sangkot ay pawang mga kasapi ng pangkat etnikong Subanen sa nasabing lalawigan. Mula sa mga datos ay hinambing at sinuri ng mananaliksik ang varyasyon ng Subanen Sindangan at Subanen-Katipunan na may malaking kontribusyon sa kalinangang pangwika.

Batay sa mga halimbawa ng terminolohiya na nakalista sa bawat talahanayan, lumitaw na ang dalawang munisipalidad ay may mga pagkakatulad at pagkakaiba sa pagbuo ng mga salita. Ang mga leksikal na varyasyon ay nagpapakita ng impluwensya ng kultural, sosyal at heyograpikal na pagkakaiba na nagreresulta sa hindi pagkakapareho ng mga pagpapahalaga at paggamit ng wika.

Iminumungkahi na hikayatin ang mga katutubong Subanen na gamitin ang kanilang katutubong dayalek sa araw-araw na pakikipag-usap upang mapanatili ang kanilang wika. Mahalaga rin ang pagkakaroon ng kampanya na nakatuon sa masusing pag-aaral ng iba pang wika sa lalawigan ng Zamboanga del Norte, na magpapayaman at magpapaunlad sa Wikang Filipino.

Keywords: *Dayalek, Subanen, kultura, Leksikal, Varyasyon, Katutubo*

I. INTRODUKSIYON

Ang Pilipinas, isang arkipelagong bansa ay mayaman sa kultura at wika. Ang pagkakaiba-iba ng heograpiya at kultura ay nagdulot ng heterogenous na sistema ng wika, kung saan ang bawat rehiyon at grupo ay may kani-kaniyang natatanging diyalekto. Isa sa mga halimbawa nito ay ang wikang Subanen, isang katutubong wika sa Zamboanga del Norte.

Sa kabila ng kahalagahan ng wikang Subanen sa kultura at kasaysayan limitado pa rin ang mga pag-aaral dito. Ayon sa nakalap na datos ng mananaliksik, ang bilang ng mga katutubong nagsasalita ng wikang Subanen ay lumiliit kung kaya naging mabagal ang pagkakilanlan ng wikang ito (Abejero, 2011; Borgonia, 2005; Gonzalez, 2005; Sescon, 2011; Telen, 2017). Isang patunay na ang wikang Subanen ay nangangailangan ng tulong upang mapreserba at maitawid tungo sa isang lipunang makabago, multikultural at multilinggwal at makaagapay sa kalakaran ng mundo kailangan na magkaroon ng mga karagdagang pag-aaral, partikular na varyasyon ng wika sa leksikal na aspeto.

Naniniwala ang mananaliksik na isa sa mga paraan upang matulungan at mapunan ang puwang ng nasabing problema ay sa pamamagitan ng paghahambing at pagsusuri sa mga leksikal na pagkakaiba at pagkakatulad ng wikang Subanen sa Sindangan at Katipunan, Zamboanga del Norte. Tututukan ng pag-aaral ang mga pagkakaiba sa paggamit ng mga pangngalan, pandiwa, pang-uri, at iba pang mga salita sa pang-araw-araw na komunikasyon ng mga Subanen sa dalawang bayan. Susuriin din kung ang mga pagkakaibang ito ay may kaugnayan sa heograpikal na lokasyon, pakikipag ugnayan sa ibang mga pangkat etniko, o iba pang mga salik na sosyo-kultural.

Inaasahan na ang pag-aaral na ito ay mag-aambag sa mas malalim na pag-unawa sa dinamika ng pagbabago ng wika at sa pagpapanatili ng kulturang Subanen. Ang mga resulta ay maaaring magamit bilang batayan sa pagbuo ng mga programa sa edukasyon at preserbasyon ng wika, at sa pagpapalaganap ng kamalayan sa kahalagahan ng pagpapahalaga sa ating mga katutubong wika. Inaasahan din na ang pag-aaral na ito ay mag-aambag sa mas malawak na pag-unawa sa linggwistikang pag-aaral.

Rebyu ng mga Kaugnay na Literatura

Ang wika ay kasangkapan ng tao upang magamit sa pakikipagtalastasan, pakikipag-ugnayan, pakikipagpalitan ng kuro-kuro, balitaan, pagpapahayag ng damdamin, pag-aaral, pagtitipon ng karunungan, pagsusuri at pagsisiyasat sa hiwaga ng kalikasan at talinghaga ng buhay. Ito ay simbolona bumubuo ng sistema upang maayos na maisakatuparan ng tao ang paghahatid ng anumang mensahe. Wika na nagsisilbing susi at regalong bigay ng Poong Maykapal sa bawat tao upang magkakaunawaan. Ayon kay Banawa et al. (2018) wika ang pusod ng sangkatauhan at kabaitan na pumupukawsa damdaming Pilipino. Dagdag pa ni Sauco (2002) na binanggit sa pag-aaral nina Aure, A. et al (2017), ang wika ay pinakamahalagang mekanismo sa buhay ng tao na tulad sa atin na hinuhubog, pinamamatnubayan, pinayayaman at pinagiging dapat sa pamamagitan ng pagtitipon ng mga nakaraang karanasan ng ating kapwa.

Isa sa mga katangian ng wika ayon kay Gleason na binanggit ni Sescon (2011) na ang wika ay dinamiko. Ibig sabihin, nagbabago ang lahat ng wika. Ang pagbabagong ito ay katumbas sa komunikasyong nagaganap sa mga taong likas na gumagamit nito.

Ayon kay Mangyao (2016), ang wika ay dynamic o patuloy na nagbabago sa katagalanngpanahon ito ang nagiging sanhi ng pagkalimot o hindi paggamit ng natural na anyo ng wika. Isanarinang modernisasyon sa nakakaapekto sa pagbabago ng wika sa pamamagitan ng pagbabago o pagusbong ng mga makabagong terminolohiya na mas magpapadali sa pag bigkas ayon kay (Reyes, 2016).

Sa kabilang banda ay hindi natin matatakas ang katotohanang ang pagkakaiba-ibang dayalektong ginagamit sa araw-araw ay nagdudulot ng suliranin sa bansa subalit ayon kay Tubo (2017), ipagtanggol ang pagpapaunlad ng iba pang wikain sa Pilipinas.

Ang Pilipinas ay isang bansang nahahati sa iba't ibang isla na may iba't ibang kultura. Ang pagkakahati-hati ng bansa ang dahilan ng pagkakaroon nito ng heterogeneous na wika, wikang iba ibaayon sa lugar, grupo, at pangangailangan ng paggamit nito, maraming baryasyon ang wika. Ang teoryang sosyolinggwistika ang pinagbabatayan ng pagiging heterogeneous ng wika at nagpapaliwanag sa pagkakaroon ng varayti ng wika ayon kay Bernales, (2011).

Binanggit din ni Santos et. al. (2010) na ang varayti ng wika ay tumutukoy sa iba't ibang uri ng parehong wika na ginagamit ng iba't ibang grupo na may varyasyong panloob sanhi ng lugar na kinaroroonan ng partikular na grupo ng mga tagapagsalita o grupong kinabibilangan.

Ang kalagayang heyograpikal ang nagiging hangganan at dibisyon ng mga wikang nagagamit sa iba't ibang lugar. Varyasyon ng wika ang tawag dito at ang nabagong uri ay varayti ng wika o dayalekto ng isang itinuturing na istandard na wikang sinasalita sa isang ispesipikong lugar. Habang ang sosyal na dimensyon ay may malaking nagagawa upang magkaroon ng isang tiyak na uri ng wikang ginagamit sa partikular na grupo ng tao. Ang wikang nabubuo ay tinatawag na sosyolek, isanguri ng 3 wikang panlipunang umiiral sa mga taong nabibigkis ng magkakatulad na interes, karakteristiko, gawain, propesyon o pamumuhay.

Ang pagkakaroon ng varyasyon sa wika ay isang natatanging katangian na nauugnay sasosyositwasyunal. Ito rin ang pagkakaibaiba sa uri ng wika na ginagamit ng mga tao sa bansa. Maaaringang pagkakaiba-iba ay nasa bigkas, tono, uri at anyo ng salita na ginagamit ng bawat indibiduwal nakabilang sa isang komunidad.

Dayalek ang tawag sa varayti nanabubuosa dimensyong heograpiko. Kilala rin ito sa tawagnawikain. Ito ay ginagamit sa isang partikularna rehiyon, lalawigan o pook, malakiman o maliit ayon kay (Bernales,et.al, 2013.)

Ayon kay Pasion (2014), ang pag-aaral ng sosyolinggwistika ay tumutukoy sa paggamit ngwika sa lipunan o kontekstong panlipunan. Kabilang dito ang aspekto ng pagkakaroon ng varyasyonng wika dulot ng iba't ibang baryabol.

Batay sa mga nabanggit na mga literature at pag-aaral, mayroong iba't ibang varyasyon ang wikang ating ginagamit sa araw-araw. Ang varyasyong ito ay nagbibigay-halaga sa wika na ginagamit ng mag tao sa isang komunidad ng wika o lipunan ng wika. Mas matutukoy ang varyasyon ng wika batay sa pagkakakilanlan, grupong kinabibilangan, kapangyarihan at sosyalisasyon.

Batayang Teoritikal

Sasalig ang pag-aaral na ito sa teoryang language variation na magsisilbing gabay sa mga layunin sa papel na ito. Pinangunahan ni William Labov (1968) ang pagbibigay-kahulugan sa teorya ng varyasyon ng wika na binanggit ni Orosca (2022) sa kanyang pag-aaral na “Varyasyong Leksikal ng mga Salitang de Gulong ng Zamboanga del Norte” na kung saan sinabi niya na maaaring magkaroon ng mga varyasyon ang isang wika batay sa iba’t ibang antas ng linggwistikong sistema. Maaaring simula sa pagbigkas ng mga salita hanggang sa kung paano mabuo ang mga salita at gayundin kung paaano ang sintaktikong ayos nito tuwing ginagamit sa pagpapahayag.

Kaugnay nito, sa paglipas ng panahon binigyan rin naman nina Parker at Riley (2005), ng kahulugan ang konseptong ito. Ayon sa kanila, tuon ng ganitong klaseng pag-aaral ang pagtuklas sa mga katangian ng isang wika na nagiging magkakaiba kung ikinukumpara sa magkakaibang grupo ng neytib ispiker ng iisang wika. Dito sinisipat ang pagkakaiba ng katangian ng iisang wika batay sa magkaibang grupo ng mga ispiker na gumagamit nito. Sa halip na ikumpara ang wika sa iba pang uri ng wika, mas binigyang pansin sa language variation ang pag-aaral sa mga rehiyunal na varyasyon ng iisang wika na maaaring nagkaroon varyasyon dulot ng mga aspektong sosyal, etniko, gender-related at stylistic.

Ang teoryang sosyolingwistika ni Fishman na binaggit ni Banawa (2016) ay nagsisilbi ring batayan sa saliksik na ito dahil tinatawag na interferens ang nagyayaring epekto ng unang wika sa pangalawang wika sa oras na ginagamit ito, lalo na kung pasalita. Hindi lamang sa aspektong leksikal, kundi pati na sa morpolohikal lalo na sa paggamit ng panlapi nagkakaroon ng interferensiya ang unang wika. Dahil dito, nagkakaroon din ng code switching. Karaniwan ang pagkakaroon ng linggwistik na pagbabagong nagaganap sa loob ng isang grupo o komunidad ng mga tagapagsalita o tinatawag na speech community.

II. METODOLOHIYA

Ang pag – aaral na ito ay may disenyong deskriptib-analitik na tumatalakay sa paksang “Varyasyon ng Wikang Subanen sa mga munisipalidad ng Sindangan at Katipunan sa Zamboanga

del Norte”. Kinapapalooban ito ng pangangalap ng mga datos sa pamamagitan ng pagbabasa, pagtatanong, pagmamasid, pakikipanayam at pagrerecord.

Paraan ng Paglikom ng mga Datos

Ang mananaliksik ay kumuha ng pahintulot sa opisina ng NCIP para makapagsagawa ng pananaliksik at pakikipanayam sa mga lungsod.

Bago ang pakikipanayam, ang mananaliksik ay humingi rin ng pahintulot mula sa mga kapitan ng iba't ibang barangay ng Zamboanga del Norte bago idinulog sa mga katutubong respondente.

Nakihalubilo ang mananaliksik sa mga katutubo at nagsasagawa ng personal na pag-interbyu upang maragdagan ang mga datos na nalikom.

Ang paglikom ng mga datos ay isinagawa sa kani-kanilang mga tribo upang maranasan ng mananaliksik at mahasa ang kagalingan ng kanilang wika, ang paggamit nito upang makabuo ng mga pamantayan na kinakailangan sa pag-aaral.

Pagkatapos, masuri ang kayarian ng kanilang wika ay nagsagawa ng pangkatang pagpaliwanag upang maidaan sa balidasyon ang mabubuong ortograpiya ng dayalek ng mga katutubong Subanen.

Pagpapatotoo

Ang instrumentong ginamit ay isinangguni sa mga eksperto upang matiyak ang kahusayan nito. Ang mga suhision at rekomendasyon ay isasama sa pagbuo ng instrumento. Ang instrumentong nabuo ay muling idinulog sa lupon ng mga tagasuri para sa karagdagang suhision. Ang mga ito ay idinagdag at ang penal na kopya ay ang ginamit sa ginawang pag-aaral.

Respondente/Impormant

Ang ginawang pananaiksik ay nakasentro sa munisipalidad ng Katipunan at Sindangan kung saan may pinakamalaking populasyon ng mga katutubong Subanen na aktibong yumayakap at tumatangkilik ng kanilang kultura.

Katulad sa ginawa ni Intlekofer (2015) sa kanyang pag-aaral na Prosodic conditioning: An instrumental production study of Tagalog o/u variation kung saan siniguro niya na mga neytib ispiker ng wikang Tagalog ang mga partisipant upang matiyak na pamilyar sila sa wikang pinag-aaralan at upang makalap ang mga datos na kinakailangan sa nasabing pag-aaral. Kaya naman sinuri pa muna niya kung nakamit ba ng mga partisipant ang mga kinakailangang katangian bago tuluyang ibinilang bilang mga kasangkot sa pag-aaral. Mahalaga ang pagiging maingat sa pagpili o pagkuha ng mga partisipant o kasangkot sa pag-aaral dahil sa kanila nakasalalay ang magiging datos na gagamitin sa buong pag-aaral.

Ang mga informant/balideytor sa pag-aaral ay:

1. mga taal na Subanen;
2. naninirahan sa Katipunan at Sindangan sa lalawigan ng Zamboanga del Norte mula sa pagsilang hanggang sa kasalukuyan at aktibong yumayakap at tumatangkilik sa nasabing wika;
3. 30 taong gulang pataas;
4. isinaalang-alang na ang gagawing informant ay nakapag-aral sa kahit na anong kurso ang natamo, ang mahalaga ay marunong magbasa at magsulat.

III. PAGLALAHAD NG RESULTA AT PAGBIBIGAY KAHULUGAN SA MGA DATOS

Ang kabanatang ito ay naglalahad, nagsusuri at nagbibigay kahulugan sa mga datos. Ang mga datos ay inihanay sa talahanayan upang magiging mas mapadali ang pagsusuri upang mabigyan ng kasagutan ang mga tanong na nailalahad sa unang kabanata.

A. Mga salita o terminong ginamit ng mga katutubong Subanen at ang kanilang pagkakaiba

Sa bahaging ito, tutuklasin natin ang kagandahan at pagkakaiba-iba ng mga salita at terminong ginagamit ng mga katutubong Subanen. Makikita natin kung paano ang kanilang wika ay nagpapakita ng kanilang natatanging kultura, tradisyon, at pananaw sa mundo. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga pagkakaiba sa kanilang mga salita, mas mauunawaan natin ang iba't ibang mga pangkat ng mga Subanen at kung paano sila naiiba sa isa't isa. Ang pag-aaral ng kanilang mga salita ay magbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa kanilang pagkakakilanlan bilang isang lahi at ang kahalagahan ng pag iingat at pagpapahalaga sa kanilang wika.

TALAHANAYAN 1 VARYASYONG LEKSIKAL SA MGA TERMINONG GINAMIT SA MGA SALITANG PANGNGALAN NG WIKANG SUBANEN

Cebuano	Subanen-Katipunan	Subanen-Sindangan	Filipino
kamut	kemamay	kuyamet	kamay
ulitawo	gulitaw	begutaw	binata
dalaga	dlibun	delaga	dalaga
sud-an	saraan	sadaan	ulam
tuhud	dlulud	lulud	tuhod

Matutunghayan sa Talahanayan 1 ang Leksikal na Varyasyon sa mga Terminolohiyang ginamit sa mga salitang Pangngalan ng Subanen-Katipunan at Subanen-Sindangan

Mula sa mga halimbawang terminolohiya, napag-alaman ng mananaliksik na magkapareho man ang wika ngunit magkaiba ang terminong ginamit ng dalawang munisipalidad sa pagtukoy sa mga salitang Pangngalan ng Subanen-Katipunan at Subanen-Sindangan tulad halimbawa sa ‘kamut’ sa Cebano na tinumbasan ng ‘kamay’ sa Filipino, na kung saan ang terminong ginamit ng Subanen Katipunan para dito ay ‘kemamay’ at nagiging ‘kuyamet’ sa Subanen na taga-Sindangan. Gayundin sa ‘ulitawo’ ng Cebuano na may katumbas na ‘binata’ sa Filipino na nagiging ‘gulitaw’ sa Katipunan at ‘begutaw’ sa Sindangan.

Ang mga halimbawang nabanggit ay tumutukoy sa iba’t ibang uri ng parehong wika na ginagamit ng iba’t ibang grupo na may varyasyong panloob sanhi ng lugar na kinaroroonan ng partikular na grupo ng mga tagapagsalita o grupong kinabibilangan nito.

TALAHANAYAN 2
VARYASYONG LEKSIKAL SA MGA TERMINONG GINAMIT SA MGA SALITANG
NAGLALARAWAN SA WIKANG SUBANEN

Cebuano	Subanen-Katipunan	Subanen-Sindangan	Filipino
gamay	miitut	mika	maliit
aslum	mesem	mesum	maasim
daghan	melaun	metiba	marami
duul	megaud	mugud	malapit
tambuk	milembu	melimbu	mataba

Makikita sa Talahanayan 2 ang Varyasyong sa mga Terminong ginamit sa mga salitang Naglalarawan. Katulad sa naunang lahanayan, kakikitaan din ng pagkakaiba batay sa mga

nakatalang salita o termino na kung saan malinaw din na inilalahad ang varyasyon sa dalawang nabanggit na munisipalidad. Magkaiba ang terminong kanilang ginamit sa bawat termino o salitang nakalista sa talahanayan, halimbawa sa salitang ‘maliit’ sa Filipino na nagiging ‘miitut’ sa Katipunan at ‘mika’ naman sa Sindangan, ‘mataba’ sa Filipino, ‘milembu’ sa Katipunan at ‘melimbu’ sa Sindangan, ang ‘marami’ sa Filipino, ‘melaun’ sa Katipunan at ‘metiba’ sa Sindangan, ang salitang ‘malapit’ sa wikang Filipino na nagiging ‘megaud’ sa Subanen-Katipunan at ‘mugud’ naman sa Subanen-Sindangan, habang ang salitang ‘maasim’ sa Filipino at tinumbasan naman ng terminong ‘mesem’ sa Katipunan at ‘mesum’ sa munisipalidad ng Sindangan.

Ang mga nailahad na halimbawa ay nagpapatunay lamang na ang baryasyon ay resulta kung paano ginamit ang wika gaya halimbawa ng lingguwistikong interaksyon ng isang indibidwal kung paano nagbabagong-anyo ang mensahe at sistema ng wika (da Rosa 36-37) nangangahulugan lamang na ang pagkakaroon ng varyasyon o pagkakaiba sa wika ay isang natatanging katangian.

Ayon pa kay Gleason na binanggit ni Sescon (2011) na isa sa katangian ng wika ay dinamiko. Ibig sabihin , nagbabago ang lahat ng wika. Ang pagbabagong ito ay katumbas sa komunikasyong nagaganap sa mga taong likas na gumagamit nito. Maaaring ang pagkakaiba-iba ay nasa uri at anyo ng salita na ginagamit ng bawat indibiduwal na kabilang sa isang komunidad.

TALAHANAYAN 3

VARYASYONG LEKSIKAL SA MGA TERMINONG GINAMIT SA MGA SALITANG NAGSASAAD NG KILOS SA WIKANG SUBANEN

Cebuano	Subanen- Katipunan	Subanen- Sindangan	Filipino	
misimba	sumimba/menimba	megsimba	nagsimba	
nangayo	menengi	megsak	nanghingi	
mikaon	mengaan	maan	kumain	
nanghulam	mengeram	mengedam	nanghiram	
nanghatag	membegay	memegay	namigay	

Sa Talahanayan 3 matutunghayan pa rin ang varyasyong leksikal sa mga terminong ginamit sa mga salitang nagsasaad ng kilos sa wikang Subanen. Kung ating pakasuriing mabuti ang mga halimbawang mga salita na nasa itaas pareho man ang kahulugan ng salitang nais nilang tumbukin ngunit sila'y kinikitaan pa rin ng kaibahan sa pagbuo ng mga ito tulad na lamang sa salitang 'nangayo' o 'nanghingi' sa wikang Filipino na tinumbasan ng 'menengi' sa Katipunan at 'megsak' naman sa Sindangan. Ang pakakaibang ito ay patunay lamang na ang pagkakaroon ng varyasyon sa mga terminong o salitang kanilang ginamit ay maaaring impluwensiya lamang sa lugar at sa mga taong nakakasalamuha nila sa bawat araw.

Ang Varayti at Varyasyon ng Wika ay tumutukoy sa pagkakaiba-iba at pagbabago-bago ng wika. Ang pagkakaroon ng varayti ng wika ay ipinapaliwanag ng teoryang sosyolinggwistika. Ang teoryang sosyolinggwistika ang pinagbabatayan ng pagiging heterogenous ng wika at nagpapaliwanag sa pagkakaroon ng varayti ng wika ayon kay Bernales, (2011).

Ang Pilipinas ay isang bansang nahahati sa iba't ibang isla na may iba't ibang kultura. Ang pagkakahati-hati ng bansa ang dahilan ng pagkakaroon nito ng heterogenous na wika, wikang iba-iba ayon sa lugar, grupo, at pangangailangan ng paggamit nito.

TALAHANAYAN 4

VARYASYONG LEKSICAL SA IBA PANG SALITANG KARANIWANG GINAMIT NG TAO SA PANG-ARAW ARAW NA PAKIKIPAGTALASTASAN SA WIKANG SUBANEN

Cebuano	Subanen-Katipunan	Subanen-Sindangan	Filipino
tagpila	piksanta	pegsanta	magkano
kinsa	ta	taydun	sino
wala	enda	daydun	wala
unsa	landun	andun	ano
ugma	lema	andun	bukas

Ang talahanyan 4 ay nagpapakita ng mga nakalap na impormasyon ukol sa varyasong leksikal sa iba pang salitang karaniwang ginamit ng tao sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan.

Batay sa mga datos na nalikom at sa inilahad, mula sa mga salitang nakatala sa Cebuano na tinumbasan sa Filipino pagkatapos ay binigyan ng katumbas o tinumbasan naman ng wikang Subanen mula sa Katipunan at Sindangan, mababanaag talaga ang malaking kaibahan batay sa terminong kanilang ginamit at sa paraan ng pagkakalahad ng kanilang mga salita. Katulad halimbawa ng salitang “tagpila” sa Cebuano na tinumbasan ng “magkano” sa Filipino ay nagiging “piksanta” sa Subanen Katipunan at “pegsanta” sa Subanen-Sindangan. Ang salitang “wala” sa Filipino at Cebuano naman at tinumbasan ng “enda” ng Subanen-Katipunan at “daydun” sa Subanen-Sindangan.

Ang mga halimbawang nabanggit ay nagpapatunay sa konsepto ni Arbes (2010) mula sa aklat nina Santos et al. (2010) na binanggit sa pag-aaral nina Drapeza et al. (2021) na ang pagkakaiba-iba ng mga panumbas sa iisang salita at paraan ng pagkakabuo ng mga salitang ito ay nagpapatunay lamang na ang wika ay hindi homogeneous sapagkat may iba-iba itong anyo dahil sa tuloy-tuloy na interaksyon at pakikipag-usap ng mga miyembro ng isang grupo o komunidad.

B. Mga salita o terminong ginamit ng mga katutubong Subanen at ang kanilang pagkakatulad

Sa bahaging ito, tatalakayin natin ang mga salita at terminong ginagamit ng mga katutubong Subanen, at ang kanilang mga pagkakatulad. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga salitang ito, magkakaroon tayo ng mas malalim na pag-unawa sa mga aspeto ng kanilang kultura, tradisyon, at pamumuhay. Makikita natin ang mga salitang nag-uugnay sa mga Subanen, na naglalarawan ng kanilang mga karanasan at pananaw sa mundo. Ang mga pagkakatulad sa mga termino ay nagpapakita ng mga shared values at karanasan sa kanilang komunidad, na nagbibigay linaw sa pagkakaisa at pagkakaintindihan sa kabila ng mga pagkakaiba. Layunin ng bahaging ito na ipakita ang yaman ng kanilang wika at ang kahalagahan nito sa kanilang pagkakakilanlan bilang isang lahi.

TALAHANAYAN 5
MGA TERMINONG GINAMIT SA WIKANG SUBANEN NA MAGKATULAD ANG
BIGKAS AT BAYBAY

Cebuano	Subanen-Katipunan	Subanen-Sindangan	Filipino
ulu	gulu	gulu	ulo
ilung	suung	suung	ilong
mata	mata	mata	mata
agtang	gangas	gangas	noo
tiil	geksud	geksud	paa
naghimo	megbaal	megbaal	gumawa
tambuk	melimbu	melimbu	mataba
inahan	gi-na	gi-na	ina
kanus-a	na-nu	na-nu	kailan
pila	santa	santa	magkano

Inilahad naman sa Talahanayan 5 ang pagkakatulad ng mga terminong ginamit sa Northern at Central Subanen. Makikita sa tahananayang ito ang kumbenasyon ng mga letrang kanilang ginamit sa pagbuo ng mga katumbas na salita o terminong ginamit ay magkatulad maging sa baybay. Katulad halimbawa sa salitang ‘noo’ sa Filipino na may katumbas na ‘agtang’ sa Cebuano at nagkaroon ng katumbas na salita na ‘gangas sa Subanen-Katipunan at Subanen-Sindangan. Isa pang halimbawa ay ang ‘gumasa’ sa Filipino na ‘maghimo’ sa Cebuano ay may panumbas na termino o salita sa munisipalidad ng Katipunan at Sindangan na ‘megbaal’.

Matutunghayan sa mga halimbawang salita o terminong nakalista, masasabing ang mga terminong ginamit sa wikang Subanen maliban sa itoy may pagkakaiba sa iba’t ibang bahagi ng pananalita tulad ng Pangngalan, Pang-uri, Pandiwa at sa iba pang mga salitang ginamit ng tao sa pang araw-araw na pakikipagtalastasan ay kakikitaan pa rin ito ng pagkakatulad.

C. Ambag sa linggwistikang pag-aaral

Sa kabuuan, ang ginawang pananaliksik na "Varyasyon ng Wikang Subanen sa Sindangan at Katipunan, Zamboanga del Norte: Pagsusuri sa Leksikal na Aspecto" ay may malaking ambag sa linggwistikong pag-aaral at nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagpapanatili ng wikang Subanen. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga natatanging salita o termino na ginamit ng mga Subanen sa iba't ibang lugar, maaari mong maunawaan ang kanilang natatanging kultura, paniniwala, at mga halaga.

Ang pag-aaral ng mga pagkakaiba sa pagitan ng mga diyalekto ay makatutulong sa pagbuo ng mga programa sa edukasyon na mas tumutugon sa mga pangangailangan ng mga nagsasalita ng wika. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga pagkakaiba, maaari kang magbigay ng mas epektibong pagtuturo at suporta para sa mga Subanen, na nagpapalakas ng kanilang pakiramdam ng pagkakakilanlan at nagpapabuti ng komunikasyon sa pagitan ng mga pangkat.

IV. KONKLUSIYON

Batay sa pag-aaral nina Dapreza at Reyes (2021), nakikilala ang tao kung saan at ano ang kinabibilangang grupo, trabaho, pook na tinitirhan, edukasyon, kultura, lahi, at relihiyon sa pamamagitan ng wikang ginagamit. Magkatulad man ang tawag o pangalan ng wika sa isang munisipalidad, barangay o sitio na nabibilang sa isang pook o lalawigan ay nagkakaroon pa rin ito ng pagkakaiba na maaaring sa bokabularyo, tunog at/o gramatika.

Sa pagsusuring isinagawa ng mananaliksik, nabatid ang pagkakatulad at pagkakaiba ng dalawang varayti ng wikang Subanen batay sa mga lokal na termino mula sa dalawang magkalapit na lugar: ang munisipalidad ng Katipunan at Sindangan. Mula sa mga halimbawang salita o terminong makikita na ang dalawang munisipalidad ay may kanya-kanyang katangian sa pagbuo ng mga salita, partikular sa pagtukoy sa mga pangngalan katulad halimbawa sa 'kamut' sa Cebano na tinumbasan ng 'kamay' sa Filipino, na kung saan ang terminong ginamit ng Subanen-Katipunan para dito ay 'kemamay' at nagiging 'kuyamet' sa Subanen na taga-Sindangan, sa mga salitang pang-uri o mga salitang naglalarawan naman ay tulad ng salitang 'maliit' sa Filipino na nagiging 'miitut'

sa Katipunan at 'mika' naman sa Sindangan, 'mataba' sa Filipino, 'milembu' sa Katipunan at 'melimbu' sa Sindangan, para naman sa mga salitang nagsasaad ng kilos o pandiwa ay ang mga sumusunod, ang salitang 'nangayo' o 'nanghingi' sa wikang Filipino na tinumbasan ng 'menengi' sa Katipunan at 'megsak' naman sa Sindangan gayundin sa mga salitang hinamit nila sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan ay kakikitaan din ng kaibahan na nauunawaan lamang ng mga taong kabilang sa nasabing pangkat.

Ang baryasyong ito ay maaaring impluwensiya ng iba't ibang salik. Una, ang heograpikal na lokasyon ng isang komunidad ay nagiging sanhi ng pagkakaiba-iba sa terminolohiya, kung saan ang mga tao sa magkakaibang lugar ay nagkakaroon ng natatanging bokabularyo. Ikalawa, ang pagkakaiba sa kultura at tradisyon ng mga tao ay nagdudulot ng mga lokal na terminolohiya na madalas ay nakaugat sa kanilang karanasan at pamumuhay. Sa kabilang banda, ang sosyal na antas ay nakakaapekto rin sa leksikal na gamit, kung saan ang mga propesyonal at eksperto sa isang partikular na larangan ay gumagamit ng jargon na maaaring hindi maintindihan ng nakararami.

Buhat sa napag-alaman, masasabing ang mga nakatalang termino o salitang ginamit ng mga katutubong Subanen sa bawat talahanayan ay isang mabisang paraan upang mapalawak ang ating pang-unawa sa pagkakaiba-iba ng mga wika at nagbibigay ng mas malawak na pananaw sa linggwistikang pag-aaral.

Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagsusuri sa mga baryasyong wika bilang isang salamin ng kultural at heograpikal na pagkakaiba. Ang mga natuklasang pagkakatulad at pagkakaiba sa mga varayti ng wikang Subanen ay hindi lamang nagpapalawak sa ating kaalaman sa linggwistika kundi nagpapalalim din sa ating pang-unawa sa mga lokal na komunidad at kanilang mga karanasan. Ang ganitong uri ng pagsusuri ay mahalaga hindi lamang para sa mga mananaliksik kundi pati na rin sa mga tagapagtaguyod ng wika at kultura, upang mapanatili at mapalaganap ang mga natatanging yaman ng ating lokal na wika sa kabila ng patuloy na pagbabago at globalisasyon.

MGA REPERENSIYA

- [1.] Aure, A. et al. 2017. Varsyon ng mga Salita sa Piling Lugar ng Pintuyan. SLSU-CTE, San Tomas Oppus, Southern Leyte. Isidro, Belvez, Paz M. et al. 2003. Gamiting Filipino: Pagbasa at Komposisyon. Rex Bookstore Inc. Manila. Bernales, R. et al. (2013). Komunikasyon sa Makabagong Panahon. Malabon City: Mutya Publishing House, Inc.
- [2.] Bacalla, L. A. 2021. Paglalapi ng mga Pandiwa sa Sinugbuanon'g Binisaya: Modelong Estruktural at Sosyolingguwistiko. Lukad: An Online Journal of Pedagogy Volume 1 Issue 1 (June 2021)
- [3.] Banawa, Mary Joy D. et. al., (2018). Wika at Kultura sa Mapayapang Lipunan. MutyaPublishing House Incorporated.
- [4.] Constantino, P. 2012. Salindaw (Varayti at Baryasyon ng Filipino). UP, Lungsod ng Quezon.
- [5.] Cruz Cebrero J.A. (2014). Betad Pedlegamit: Isang Pag-aaral sa mga Varyasyon ng Wikang Subanen sa Zamboanga Peninsula. HASAAN-Journal-Tomo-I-2014-58-76 HASAAN-Journal-Tomo-I-2014 58-76.pdf (ust.edu.ph)
- [6.] Dayalektal na Diversidad ng Wikang Subanen sa Zamboanga Peninsula. Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences | Vol. 1, No. 4 | September 2014 Dayalektal_na_Diversidad_ng_Wikang_Suban.pdf Cebrero, J. C. (2014). Dayalektal na diversidad ng wikang subanen sa Zamboanga peninsula [Unpublished masteral thesis]. Mati San Miguel: Cerilles Sate College.
- [7.] Drapeza et al. (2021). Pagsipat sa mga salik na nakaimpluwensiya sa varayti at varyasyong leksikal sa wikang Chabacano ng lungsod Zamboanga
- [8.] Pasion, R. (2014). Morpolohikal na Varyasyon sa Wikang Mandaya ng Davao Oriental. Asia Pacific Journal Of Education, Arts and Sciences. Vol. 1, No. 5, November 2014.

-
- [9.] Reyes, A. R. (2016). *Komunikasyon at pananaliksik sa wika at kulturang Pilipino* [Communication and research in the Filipino language and culture]. Diwa Learning.
- [10.] Santos, A. L., Magracia, E. B., & Semorlan, T. P. (2010). *Variety and variation of the Filipino language* [Varayti at varyasyon ng wikang Filipino]. Iligan City: Departamento ng Filipino MSU-IIT.
- [11.] Sescon, E.A. 2011. *Ang Estado ng Dayalek na Subanen: Implikasyon sa Edukasyon Bilang Unang Wika*. Siliman University, Dumaguete City.
- [12.] Tagab, V.E. 2012. *Pagpapalaganap ng Bokabularyo ng Pangkat Etniko sa mga Mamamayan ng Zamboanga del Norte: Batayan sa Pagbuo ng Talasalitaan*, Jose Rizal Memorial State University, Dapitan City.
- [13.] Tubo, Y. 2017. *Isang Posisyong Papel ukol sa Mother Tongue Based- Multilingual Education*. SLSU- CTE, San Isidro, Tomas Oppus, Southern Leyte. Saussure, Bloomfield at Rousseau.
- Retrieved from: file:///C:/Users/User/Downloads/Ang+Papel+ng+Wikang+sa+Gitna+ng+Pagkakaiiba+ng+mgat+Wikatsa+Bansa.pdf